SAN FRANCISCO HUMAN SERVICES AGENCY

# UPDATE (SA MGA FOOD STAMP) NG CALFRESH

## Ano'ng nangyayari?

- **Matatapos na ang karagdagang EBT na pera para sa pagkain na pantulong sa panahon ng COVID-19 dahil sa mga pagbabago sa badyet ng pederal na pamahalaan ng U.S.** Sa Abril, matatanggap mo ang iyong regular na pera mula sa CalFresh gaya ng dati, pero HINDI mo matatanggap ang karagdagang pera na pantulong sa panahon ng COVID-19 sa iyong EBT card. Sa Marso na ang huling buwan na makakatanggap ka ng dalawang bayad sa iyong EBT card.

- **Ang karagdagang pera lang para sa pagkain na pantulong sa panahon ng COVID-19 ang matatapos, ang karagdagang bayad na natatanggap mo sa iyong EBT card noong pandemya.** Patuloy mong matatanggap ang iyong mga regular na benepisyo sa CalFresh hangga't aktibo ang iyong kaso sa CalFresh. Ibabatay ang halaga ng iyong benepisyo sa laki ng iyong sambahayan, iyong kita, at sa iba pang impormasyon tungkol sa sitwasyon mo.

## Kailan ko makikita ang pagbabagong ito?

- **MARSO:** Huling karagdagang EBT na Pera para sa Pagkain na Pantulong sa Panahon ng COVID-19. Ito ang huling buwan na makakatanggap ka ng dalawang bayad:
  - Regular na bayad ng CalFresh sa iyong EBT card mula Marso 1-10
  - Karagdagang pera para sa pagkain na pantulong sa panahon ng COVID-19 mula Marso 25-26
- **ABRIL:** Unang buwan ng regular na bayad lang ng CalFresh

## Ano ang gagawin ko kung kailangan ko ng higit pang pagkain?

- Bumisita sa tl.sfhsa.org/GetFood para makakita ng mga lokal na mapagkukunan ng pagkain o tumawag sa 3-1-1. Puwede mo ring mas masulit ang iyong pera mula sa CalFresh sa ilang farmers market sa pamamagitan ng "Market Match." Matuto pa sa www.marketmatch.org o tumawag sa (510) 925-4001.

## Ano ang kailangan kong gawin kung nakakatanggap ako ng CalFresh?

- Wala kang kailangang gawin.

- Para makuha ang lahat ng benepisyo ng CalFresh na available sa iyo, i-update ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at sitwasyon:
  - Mga pagbabago sa kita
  - Mga gastusin sa pabahay
  - Mga medikal na gastusin (kung ikaw ay may edad na 60+ o may kapansanan)
  - Mga gastusin sa dependent o childcare

- Kung lumipat ka ng tirahan o para i-update ang County (SFHSA) tungkol sa mga pagbabago sa iyong sitwasyon, puwede kang:
  - **Tumawag sa** (415) 558-4700, Lunes - Biyernes 8:00 a.m. - 5:00 p.m.
  - **Pumunta sa mga service center ng SFHSA**
    - 1440 Harrison St.
    - 1235 Mission St.
    - 170 Otis.
    - 2 Gough St., para sa mga nakatatandang nasa hustong gulang, beterano, at taong may kapansanan

- **Mag-email sa** food@sfgov.org
- **Online** MyBenefitsCalWIN.org

## MAHALAGA: Nakakatanggap ka ba ng Medi-Cal?

**Kung nakakatanggap ka ng mga serbisyo ng Medi-Cal,** padadalhan ka namin ng liham sa mga susunod na buwan tungkol sa iyong pag-renew. Kung lumipat ka ng tirahan sa nakalipas na tatlong buwan, **i-update ang iyong impormasyon** sa pamamagitan ng pagbisita sa aming mga service center sa 1440 Harrison St. o 1235 Mission St., pagtawag sa (415) 558-4700, o pag-email sa SFMedi-Cal@sfgov.org.